

(Pampubliko)Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



KIAN Kumusta Kawasaki

**Nakalahad sa Nihonggo, Ingles, Chinese, Koriya/Tsosen, Espanyol, Potugis, Filipino
Biyetnam, Taylandes, Indonisyia, Nepalis at Madaling-Hapon**

Makikita rin sa website ng Asosasyon (<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki city, Kanagawa Pref.

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

Aplikasyon ng “Pampublikong Pabahay” para sa mga dayuhan

Sa nais mag-aplay sa pampublikong pabahay kaso di alam ang pagfill-up ng application form. Sa ganitong mga alalahanin, tutulong kami sa pagfill-up ng application form hanggang sa pagsumite nito.

(May interpreter sa Ingles, Chinese, Portugis, Filipino at Nepali)


Kailan: Ika-13 ng Hunyo (Sabado) 10:00am - 12:00pm

Saan: Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Pagpatala: Hunyo 10 (Miyer.) hanggang 4:30pm. Tumawag, mag-Email o bumisita

Telepono: 044-435-7000 Email address: kiankawasaki@kian.or.jp

Libre



Ang pampublikong-pabahay ay para sa may isyu sa tirahan at mababang upa para sa mga mababa ang kita, itinayo ito mula sa pagtutulongan ng pambansa at lokal na pamahalaan. Kaibahan sa pribadong pabahay, walang bayarin na “Reikin” at renewal fee. Subakit mayroong iba’t ibang regulasyon, tulad ng mga pamantayan ng kita para sa aplikasyon at paninirahan. At isinasagawa ang survey ng kita taun-taon. Upang matukoy ang bayarin ng upa.

Kwalipikasyon: 1. Nasa legal na gulang.

2. Residente o nagtatrabaho sa lungsod ng Kawasaki ng mahigit 1 taon .

3. Hindi hihigit sa tiyak na halaga ang buwanang kita.

4. May problema sa tinitirhan.



Masaya at kapaki-pakinabang na Nihonggo lesson para sa mga dayuhan

* Group lesson (humigit-kumulang10 katao). Mayroon ding mga kaganapan para sa pang-unawa sa kultura ng hapon at disaster drill.

Pang-umagang kurso tuwing Miyerkules at Biyernes 9: 50am-11: 50am

Ika-1 semestre Abril 14 (Martes) - Hunyo 30 (Martes) (22 beses) ¥12,100

Ika-2 semestre Sept. 8 (Martes) - Nob. 27 (Biyernes) (22 beses) ¥12,100

Ika-3 semestre 2027, Enero 12 (Martes) - Marso 12 (Biyernes) (17 beses) ¥9,350

※ Mayroon paalagaan (1 taon-gulang pataas, libre) ※Magkabukod ang bayad para sa textbook.



Pang-gabing kurso tuwing Miyerkules 6:30pm-8:30pm

Ika-1 semestre Abril 8 (Miyer.) - Hulyo 8 (Miyer.) (12 beses) ¥6,600

Ika-2 semestre Sept. 2 (Miyer.) - Dis. 16 (Miyer.) (15 beses) ¥8,250

Ika-3 semestre 2027, Enero 13 (Miyer.) - Marso 10 (Miyer.) (9 beses) ¥4,950

※ Walang paalagaan

※ Magkabukod ang bayad para sa textbook.



Lugar : Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki **Katanungan :** Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

TEL : 044-435-7000 E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp ※Maaring mabago ang petsa.

Kawasaki Disaster Prevention App

Maaaring nakatanggap ng real time na impormasyon sa radyo tungkol sa pag-iwas sa sakuna at iba't-ibang impormasyon tungkol sa emergency disaster. Matitingnan ang mapa para sa impormasyon sa paglikas at tungkol sa silungan para sa paglikas (pagbubukas at trapiko para sa sasakyan). Matsecheck din sa hazard map ang mga mapanganib na lugar tulad ng baha, landslide, tsunami, tubig sa loob at hightide sa mapa pati na rin ang iba't-ibang impormasyon para sa paghahanda sa mga sakuna tulad ng APP na "Maghanda Kawasaki" at mga disaster prevention information.



App Store

Google Play

Mga may suportang wika : **Nihonggo, Ingles, Koriya/Tsosen at Chinese.**

Mga Cherry Blossoms highlight sa Kawasaki

Maraming park at luntiang mga espasyo sa lungsod ng Kawasaki. Narito ang mga ilan sa mga magandang lugar kung saan namumulaklak ang Cherry blossom. Halina't bisitahin ang mga ito.



Yumemigazaki Zoological park (Saiwai-ward • JR Shinkawasaki Sta. o Kashimada Sta.)

May mga puno ng Cherries na nakatanim sa buong park pati na sa loob ng zoo. Masisiyahan sa panood ng mga hayop at mga bulaklak ng cherry. Humigit-kumulang 400 puno ng seresa, kabilang ang Somei Yoshino at Yamazakura.

Sumiyoshi Sakura (Nakahara-ward • Tokyu-Toyoko /Tokyu Meguro line, Motosumiyoshi Sta)

Isang hanay ng mga puno ng cherry blossom ang parang nakausli sa ilog .Ang mga puno ng cherry ng Somei-Yoshino ay namumulaklak ng napakaganda sa kahabaan ng ilog ng Shibukawa na may 2km. Masisiyahan din sa cherry blossom sa Nakahara Peace Park na mag-kalapi langt.Humigit-kumulang 250 puno ng cherry ng Somei-Yoshino.

Nikaryo irigasyon (Tama-ward • JR nambu line 「Shukugawara Sta.」 mga 2 min. na lakarin)

Isang makasaysayang kanal ng irigasyon na ginawa noong panahon ng Edo na humigit-kumulang 400 puno ng Cherry blossom na derechong halos 2 km.

Pakonsultahan ng mga dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Huwag mag-atubiling lumapit kung may problema o katanungan sa paninirahan sa Japan. (Libre)

Maaari ding sumangguni Online gamit ang **ZOOM !**

Magpareserba sa website

Tel.No. 044-455-8811

Oras ng konsultasyon 9:00am-5:00pm

Maaring sumangguni sa tagapayo ng personal, telepono, e-mail, o online.

Kung walang tagapayo sa nais na wika, gagamit kami ng interpreter trio-phone.

Mga wika	Araw	Paraan ng pagtanggap
Madaling-hapon, Ingles, Chinese Koriya, Biетnamis, Nepali, Filipino, Taylandes, Portuges at Espanyol	Lunes-Sabado	Wikang suportado ng tagapayo (Babala) May araw na wala ang tagapayo Gagamit ng 3-way call sa interpretasyon
Indonisya	Lunes-Biyernes	
Hindu, Pranses Ruso, Malay, Burmese	Lunes-Biyernes	Maaaring kumonsulta, ng 3-way call para sa interpretasyon.



Online consultation



Website ng KIAN

Libreng Pakonsultahan ng Administrative Scrivener

Ang sakop ng konsultasyon ay malawak na hanay ng mga paksa, ang pangunahin ay kinabibilangan ng iba't ibang aplikasyon o praseso para sa lisensya at permit, mana, visa, pagtatag ng kompanya, pagsulat ng kontrata at testamento.

Tuwing ika-3 ng Linggo ng buwan. Ang konsulta ay sa Nihonggo lamang, ngunit maaring humiling ng interpreter (may bayad).

Abril 19 (Linggo) , Mayo 17 (Linggo) 2:00pm - 4:00pm (2F ng Center, Meeting room ng Asosasyon)